

Nakakaapekto ang Gout sa Buong Katawan

Kilalang-kilala na nakakaapekto sa hinlalaki ng paa ang gout. Pero alam mo ba na puwedeng makaapekto sa anumang bahagi ng katawan ang gout?



Mga Mata

Puwedeng mapunta sa mga mata ang mga deposito ng urate crystal o kristal na nabuo mula sa uric acid. Tumaas ang bilang ng mga pasyente ng gout na mayroon ding sakit na pagkatuyo ng mata nitong mga nakaraang taon.



Kalusugang Pangkaisipan

Mas malamang na makaranas ng pagkabalisa at depresyon ang mga taong may gout.



Mga Bato

Puwedeng mapataas ng gout ang panganib ng sakit sa bato. Ang mga taong may gout ay may 29% na mas mataas na panganib ng malalang chronic kidney disease.



Puso

Pinapataas ng gout ang panganib ng mga kondisyon ng cardiovascular kabilang ang:

- Atake sa puso
- Pagpalya ng puso
- Atrial fibrillation
- Stroke



Sistemang Endokrin

Puwedeng mapataas ng gout ang panganib ng diabetes. Sa katunayan, natuklasan ng isang pag-aaral na 71% ng mga babaeng may gout ang mas malamang na magkaroon ng diabetes kaysa sa mga babaeng wala nito.

Annals of the Rheumatic Diseases, 2014



Mga Kasukasuan

Nagbubuo ng masakit na mga kristal sa paligid ng mga kasukasuan ang pag-ipon ng uric acid. Kahit na kadalasang naapektuhan ang hinlalaki ng paa, puwedeng mabuo ang mga kristal na ito sa paligid ng kahit anong kasukasuan sa katawan at magdulot ng pangmatagalang pinsala.

